Ebanghelyo ayon kay Mateo 20 : 29 - 34

Minsan nang si Hesus ay lilisan sa bayan ng Jerico, may dalawang bulag na nakaupo sa tabi ng daan. Nang marinig nilang si Hesus ay dumadaan, sila'y sumigaw: "Panginoon! Anak ni David, mahabag ka sa amin." Pinagsabihan sila ng mga tao roon at sinabing tumahimik, ngunit lalo nilang nilakasan ang sigaw: "Panginoon! Anak ni David, mahabag ka sa amin." Huminto si Hesus, tinawag sila at sinabi: "Ano ang gusto ninyong gawin Ko sa inyo?" Sabi nila, "Panginoon, nais naming makakita muli." Nahabag si Hesus sa kanila at hinipo ang kanilang mga mata. Kaagad sila'y nakakita muli at sinundan si Hesus sa daan.